# BALITANG WIN

BALITA, OPINYON AT SERBISYO NI SENATOR WIN GATCHALIAN

Isyu 5 | Pebrero 2020

www.WinGatchalian.com | WinGatchalian74

# EDUKASYON PARA SA LAHAT

## BAGONG ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM, BUBUO SA 24 MILYONG MGA PANGARAP



**2020 BUDGET.** Kinakamayan ni Senator Win Gatchalian si Department of Education Secretary Leonor Briones sa pagdinig ng budget ng ahensya sa Plenaryo ng Senado, Nob.19, 2019.

## AKTIBO SENADO

Alam po ba ninyo na may 24 milyong Pinoy edad 15 taon pataas ang hindi nakapagtapos ng elementarya at hayskul?

Ito ay katumbas ng higit sa isa kada apat na Filipino ang napagkakaitan ng karunungan, salungat sa utos ng Saligang Batas na edukasyon para sa lahat.



**HAPAG KAALAMAN.** Masayang nagpalitrato ang mga guro ng Alternative Learning System - DepEd Valenzuela City at mga batang kanilang tinuruan sa People's Park ng lungsod matapos ang isang learning session, Abril 2015 file. Nais ni Senate Committee on Basic Education, Arts and Culture na palakasin at palawigin ang programang ALS sa pamamagitan ng Alternative Learning System (ALS) Act.

Bagama't tumatakbo na ang programang Alternative Learning System (ALS) ng Department of Education (DepEd) sa loob ng dalawang dekada, hindi pa rin sumasapat ang kapangyarihan nito upang umalalay sa mga kababayan nating hindi nakapagpatuloy ng kanilang pormal na pag-aaral.

Ayon sa DepEd, sa 2,025,167 ALS enrollees noong 2016 hanggang 2018, higit sa kalahati nito o 1,329,667 lamang ang nakatapos dito.

Ito ang napakalaking suliranin na ating sama-samang sosolusyunan matapos ang mga pagdinig sa Senado ng ating panukalang Senate Bill No. 740 o Alternative Learning System Act noong mga huling buwan ng 2019.

Layunin ng ating batas na palakasin at palawigin ang ALS upang kahit na ang mga nakatatanda, mga may kapansanan, mga nasa bilangguan, Indigenous Peoples (IPs), cultural minorities, children in conflict with the law (CICLs) at iba pang mga sektor ng lipunan sa bawat barangay saan mang dako ng ating bansa ay masiguro pa rin ang kanilang karapatan sa edukasyon.



**PAGDINIG SA BAGONG ALS.** Paghimay ng mga eksperto at stakeholder, kasama ang mga mambabatas, (mula kaliwa sa foreground) Sen. Nancy Binay, Sen. Win Gatchalian at Sen. Joel Villanueva sa panukalang Alternative Learning System Act sa Senado, Pasay City, Okt. 29, 2019.

Huhulmahin natin ang kurikulum ng isang bagong ALS upang tunay na makapag-iwan ng makabuluhang marka sa buhay ng mga mag-aaral nito.

Pinatitibay nito ang aking paniniwala na matatag ang pundasyon ng bansa at matibay ang haligi ng mga pangarap ng bawat Filipino kung ang bawat isa ay mayroong pinag-aralan.

Kaya asahan ninyo, hindi natin ito susukuan.

Senator Win Gatchalian

# BATAS ANG MAGPAPANALO



Naging makabuluhan ang tatlong taong pagsalang ni Senator Win Gatchalian sa ika-17 Kongreso sa Senado.

Kanyang pinagsikapang itaguyod ang mga patakaran at polisiyang pang-ekonomiya bilang chairman ng Senate Committee on Economic Affairs at pang-enerhiya bilang chairman ng Senate Committee on Energy upang maprotektahan, mapangalagaan at mapalakas ang karapatan ng mga konsyumer.

At ngayong ika-18 Kongreso, pinasinayaan niya ang Mataas na Kapulungan noong Hulyo 2019 bilang chairman ng Senate Committee on Basic Education, Arts and Culture. Ipagpapatuloy ni Senator Gatchalian ang kanyang mga nasimulan ng buong sigasig upang makatulong na mai-angat ang antas ng pamumuhay ng bawat pamilyang Filipino.

Magsisilbing patas sa kanyang tungkulin na makapagbigay ng iba't ibang pamamaraan at solusyon na mapababa ang halaga ng kuryente at isulong ang abot-kaya at dekalidad na edukasyon para sa lahat.

Narito ang unang 10 na panukalang batas na kanyang isinumite sa Senado:



## AN ACT INCREASING THE SALARY GRADE OF TEACHER I TO TEACHER III (SENATE BILL NO. 178)

Kapag naisabatas na ang panukalang ito, tataas ang sahod ng mga pampublikong guro bilang pagkilala sa walang patid na serbisyo na kanilang ibinibigay sa mga mag-aaral at di-matawarang dedikasyon na maglingkod sa bansa.




## INCLUSIVE EDUCATION FOR CHILDREN AND YOUTH WITH SPECIAL NEEDS ACT (SENATE BILL NO. 171)

Layunin ng panukalang batas na ito na magkaroon ng Inclusive Education Learning Resource Centers sa lahat ng public schools divisions sa bansa. Mabibigyan ng mga center na ito ang mahigit 300,000 kabataang may kapansanan na magkaroon ng angkop, abot-kaya at dekalidad na edukasyon.



## SENIOR HIGH SCHOOL RESERVE OFFICERS TRAINING CORPS (ROTC) ACT (SENATE BILL NO. 177)

Isinusulong nito ang pagkakaroon ng programang ROTC para sa mga mag-aaral sa Grade 11 at 12 sa mga pampubliko at pribadong paaralan. Layunin ng programang ito ang pagkakaroon ng tamang disiplina upang mahubog at mapaghandaan ng mga kabataan na maging future leaders pagdating ng panahon.



## UNLOCK MY MOBILE ACT (SENATE BILL NO. 170)

Kapag naisabatas na ito, magiging anim hanggang siyam na buwan na lamang ang lock-in period para sa mga kumukuha ng mga cellphone at subscription plans mula sa mga telecommunications companies. Bibigyan nito ng kalayaan ang mga konsyumer na makapili ng mga produkto at serbisyong angkop sa kanilang mga pangangailangan nang hindi natatali sa mahabang lock-in period.

## SUBSCRIBER IDENTITY MODULE (SIM) CARD REGISTRATION ACT (SENATE BILL NO. 176)

Upang maprotektahan ang mga mamamayan sa mga modus operandi at iligal na gawain sa pamamagitan ng paggamit ng cellphone, isinusulong ng panukalang batas na ito ang pagrehistro para sa mga mamimili at bagong may-ari ng mga SIM card.



## MICROGRID SYSTEMS ACT (SENATE BILL NO. 175)

Kailangan ang batas na ito upang sa wakas ay magkaroon na ng supply ng kuryente ang mga malalayo, liblib at pulo-pulong mga komunidad sa bansa na hindi naaabot ng pambansang linya ng elektrisidad, gamit ang mga makabagong teknolohiya at lokal na mapagkukunan sa paglikha ng kuryente tulad ng mini hydroelectric, solar, wind at iba pa. Lubos na makikinabang dito ang mahigit 2.7 milyong mga bahay na wala pang kuryente.

## ELECTRIC VEHICLES AND CHARGING STATIONS ACT (SENATE BILL NO. 174)

Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mas maraming electric vehicles, maiiwasan ang paggamit ng krudo at produktong petrolyong galing sa ibang bansa, maibababa ang singil sa pamasahe at higit sa lahat ay mababawasan ang polusyon sa mga lansangan.



## PHILIPPINE ENERGY RESEARCH AND POLICY INSTITUTE ACT (SENATE BILL NO. 172)

Sa ilalim ng panukalang batas na ito, bubuuin ang Philippine Energy Research and Policy Institute (PERPI) upang magsagawa ng mga pananaliksik sa sektor ng enerhiya. Gagamitin ang mga pag-aaral na ito upang gabayan ang polisiya ng gobyerno sa pagbibigay ng sapat at murang kuryente sa bawat pamilya.

## ENERGY ADVOCATE ACT (SENATE BILL NO. 173)

Layunin ng panukalang batas ang pagkakatatag ng Energy Advocate Office (EAO) sa ilalim ng Department of Justice (DOJ). Sa bawat usaping may kinalaman sa pagkakaroon ng sapat at murang kuryente, ang EAO ang magtataguyod sa karapatan at interes ng bawat konsyumer.

## THE NATIONAL ECONOMIC AND DEVELOPMENT AUTHORITY (NEDA) ACT OF 2019 (SENATE BILL NO. 169)


Itinatalaga ng panukalang batas na ito ang NEDA bilang pangunahing ahensyang mamumuno sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. Magiging tungkulin ng NEDA ang pagpaplano at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang mga ahensya at organisasyon upang matutukan ang mga programang makakapaglikha ng mas maraming trabaho at magtataguyod ng mga komunidad sa bansa.

# DAGDAG-KAALAMAN MULA SINGAPORE

Binisita ni Senator Win Gatchalian ang Singapore bilang 69th Lee Kuan Yew Exchange Fellow, Okt. 21-26, 2019. Ibinahagi ng pamahalaan doon ang world-class at best practices nito sa pagbibigay serbisyo-publiko gaya ng sa sektor ng edukasyon at youth development, ekonomiya, enerhiya at national defense.



**TIGER ECONOMY.** Malugod na tinanggap ni Singapore Prime Minister Lee Hsien Loong sa The Istana si Senator Gatchalian upang pag-usapan ang mabuting pamamahala at pagpapalakas ng ugnayang Pilipinas at Singapore.



**ISLA MULA SA 'BASURA.'** Sa Semakau Landfill ng Singapore National Environment Agency, ipinapakita na isang solusyon ang teknolohiyang waste-to-energy incineration para sa suliranin sa basura at makapaglikha ng elektrisidad.



**FLOATING SOLAR FARM.** Sa eksperimento na ito ng Solar Energy Research Institute of Singapore sa Tengeh Reservoir, ipinapakita na maaaring makapagtayo ng solar farm sa ibabaw ng tubig kung walang sapat na lupang matatayuan nito.



**TEST SHOT.** Sinusubukan ni Senator Gatchalian ang makabagong pasilidad sa Shooting Academy ng Singapore Sports School.



**MALIIT NGUNIT MALAKAS.** Sa briefing ng Ministry of Defence, tinatalakay ng mga opisyal nito ang National Service program na nagpapalakas ng military, police at civil defense ng Singapore, isang bansang halos singlaki lamang ng Laguna Lake.

# BULKANG TAAL: BATANGUEÑO 'DI PAPATALO

Nabulabog ang lalawigan ng Batangas, maging ang mga karatig-probinsya at Metro Manila sa pagputok ng Bulkang Taal nitong Enero 12.

Nagkaroon ng malawakang pagpapalikas na umabot sa may 160,000 mga residente. Lubhang naapektuhan ang buhay at kabuhayan ng mga Batangueño.

Subalit naging mabilis ang pag-aksyon ng mga Filipino. Umayuda ang Pamahalaang Lungsod at si Senator Win Gatchalian at nagpaabot ng ₱12 milyong tulong pinansyal para sa mga nasalanta.



**TO THE RESCUE.** Mga sundalo dala ang mga relief goods sa Mataas na Kahoy Elementary School.




**TULONG PINANSYAL.** Tinanggap ni Batangas Governor Dodo Mandanas ang ₱2 milyong tulong mula sa Valenzuela City Government.



**SALOOBIN.** Mga bakwit sa PUP Sto. Tomas evacuation center.



**MAY PRIVACY.** Gamit ang tent dividers, naging mas maayos at may privacy ang evacuation centers, gaya ng sa Batangas Provincial Sports Complex.



**HI BABY!** Inaaliw ni Senator Gatchalian ang sanggol sa Bernardo Lirio Memorial Central School, Tanauan City.

# PANALONG BALITA

Pangunahing layunin ni Senator Win Gatchalian ang makatulong sa mamamayang Filipino lalo pa ang mai-angat ang sistema ng edukasyon at matugunan ang boses ng mga konsyumer sa buong Pilipinas.

Malaking bagay ang kanyang pag-iikot sa loob at labas ng bansa upang dumalo sa mga pagpupulong at iba't ibang okasyon. Lubos itong kapaki-pakinabang upang mapakinggan ang mga pangangailangan ng publiko, mga pribadong organisasyon at iba't ibang sektor ng pamahalaan para sa paggawa ng mga panukalang batas.




**RESERVIST.** Opisyal na tinatanggap ni Senator Gatchalian ang ranggo na Lieutenant Colonel ng Philippine Army Reserve Force, Peb. 8, 2019, mula kina Maj. Gen, Macairog Sabeniano (kanan), commanding general ng Philippine Army at MGEN Bernie Langub (kaliwa), commander ng AFP Army Reserve Command (ARESCOM).



**PANDAIGDIGANG PAGPUPULONG.** Dumalo si Senator Gatchalian sa 141st Assembly ng Inter-Parliamentary Union sa Belgrade ng bansang Serbia sa Europe, Okt. 14, 2019, kasama sina Senate President Tito Sotto at iba pang mga mambabatas maging ng ibang bansa upang pag-usapan ang mga pandaigdigang isyu. *Kuha ng Tanggapan ni Sen. Nancy Binay*




**BANTAY EDUKASYON.** Pinagtibay ni Senator Gatchalian ang kanyang misyong pangalagaan ang karapatan ng bawat kabataang Filipino para sa dekalidad na edukasyon sa First National Summit on the Rights of the Child in Education sa Pasay City, Nob. 14, 2019. Kasabay din ito ng 30th anibersaryo ng UN Convention on the Rights of the Child.



**MGA NATATANGING PINOY.** Kinilala ang apat na guro, tatlong sundalo at tatlong pulis bilang 2019 Metrobank Foundation Outstanding Filipinos, Lungsod Makati, Set. 4, 2019, kung saan tumayong punong hurado si Senator Gatchalian.



**MANALO O MATALO, ATLETA SUPORTADO.** Pinasinayaan sa Philippine Arena, Bocaue, Bulacan ang muling pagdaos sa bansa ng South Asian Games (SEAGames), Nob. 30, 2019.




**LNG FACILITY SA JAPAN.** Personal na inaral ni Senator Gatchalian ang sistema ng Katsuta Liquefied Natural Gas (LNG) Satellite ng Hitachi Katsuta Power Station sa Hitachinaka, Japan, Peb. 28, 2019. Nakapulong din niya ang mga opisyal ng Japan Ministry of Economy, Trade and Industry.



**BAGONG SENADO.** Groundbreaking ng bago at modernong tahanan ng Senado sa Bonifacio Capital District, Lungsod Taguig, Mar. 18, 2019.



**PANGALAWANG INTERNATIONAL AWARD.** Matapos ang Devex Manila 40 Under 40 Award noong 2013, nakuha naman ni Senator Gatchalian ang "Great Citizen of the Philippines" Award mula sa Sino-Phil Asia International Peace Awards Foundation, Lungsod Makati, Mar. 6, 2019.



**MODERNONG JEEPNEY.** Sinampolan ni Senator Gatchalian ang solar-powered electric jeepney ng Senate Employees Transport Service Cooperative (SETSCO) sa ginawang dry run nito sa paligid ng Senado, Lungsod Pasay, Hul. 2, 2019. Pinausad nito ang Public Utility Vehicle (PUV) Modernization Program.

Ang **BALITANGWIN** ay inilalathala ng **Tanggapan ni Senator Win Gatchalian** na matatagpuan sa Senate of the Philippines, Rm. 512, GSIS Building, J.W. Diokno Blvd., Pasay City, 1300, Philippines.
**Media Affairs and Communications Unit:** Ahna Khristina F. Mejia I Mark Lester S. Cayabyab I Christine Allaine B. Dumaplin I Justine Leigh D. Castañeda I Axl Ross J. Tumanut

**Office of Senator Win Gatchalian**
(02) 8551 9223

**Email: email@wingatchalian.com**

**Media Affairs and Communications**
(02) 8865 1938

**Administration and Finance**
(02) 8552 6601 loc. 8571

**Legislative Affairs**
(02) 8835 9316

**Political Affairs and Constituent Services**
(02) 8551 9397 I (02) 8552 6601 loc. 8622

**WIN Action Center**
(02) 8352 0549